

1

Nagmamadali si Denise habang naglalakad patungo sa opisina ng hospital director. Isa siyang physical therapist na nagtatrabaho sa isang malaking hospital. Wala naman sa timing si Dr. Quines. Nasa gitna siya ng isang therapy session ay ipatatawag siya nito.

Alangan namang iwan ko na lang basta ang pasyente. Maghintay siya, bulong niya sa isip.

Tatlong beses na siyang naipe-page ng matandang director kaya hayun siya at kulang na lang ay liparin ang opisina nito.

Hustong papaliko na siya sa hallway nang sumabit ang braso niya sa braso ng taong nakasalubong na tulad din niyang nagmamadali.

“Oops! Titingnan mo naman ang nilalakaran mo,” anang lalaki. Napigilan nito ang balikat niya bago pa siya masalya ngunit kaagad din itong bumitiw at tumalikod nang papalayo.

Under normal circumstances, magtataray sana ang dalaga. Naibuka na niya ang bibig pero bago pa makuhang magsalita ay nakalayo na ang lalaki. Sa iilang saglit na napagmasdan niya ang guwapong

mukha nito ay iisa lang ang naiwang impresyon sa kanya—arogante.

Tulad nga ng inaasahan ni Denise, nasabon siya ng kanilang director, kasama pa ng paghahayag nito ng isang unfavorable news.

“Miss del Cielo, si Mr. Villa ay abalang tao and he doesn’t have all the time in the world para lang hintayin ka. Sana nag-beep ka man lang sa akin o pine-page mo ang iyong exact location para kung talagang hindi ka maaabala, kami na lang ang pupunta sa iyo. He just wanted to talk to you because he wanted to be assured that his son would be in good hands.”

“Kung hindi siya makapaghintay sa maikli lang namang oras, he is free to go to another hospital.” Alam niyang may mali sa kanyang sinabi matapos iyong makalabas sa bibig niya.

Nandilat ang mga mata ng kaharap. “Miss del Cielo, I would rather lose you than him! At kung hindi mo pa alam, puwes, ipinaiintindi ko sa iyo na siya ang major shareholder ng hospital na ito.” Halatang nasasagad na ang pasensya nito.

“I’m sorry, Doc,” maamo niyang sabi. Marunong

din naman siyang tumanggap ng pagkakamali.

“Now, ikaw ang napili kong ipadala sa kanilang mansyon sa Los Baños bilang therapist ng anak niya for three months.” Hayun na nga ang masamang balita.

“But, Doc, alam n’yo naman na ayaw ko ng stay-in situation na pagte—”

Kaagad siyang pinutol nito. “Mr. Villa wants the best physical therapist for his son and you are the most likely candidate, Denise.” Malumanay na ang tinig nito. “At,” dugtong kaagad nito nang makitang magpoprotesta na naman siya, “ayaw ko ng argumento. Kahit na ikaw pa ang pinaka-competent na therapist dito, I can fire you the moment na malaman kong that tactless little mouth of yours turned away a client. Maliwanag ba?”

“Yes, Doc.” Parang pinitpit na luya ang hitsura ni Denise. Palagay niya ay may sinabing masakit na salita ang Mr. Villa na iyon kay Dr. Quines kaya ganito ang mood ng matanda.

Mabait naman ang kanilang director at kung minsan nga ay nabobola pa niya ito. Marami na ring pagkakataong ipinagtanggol siya nito kapag ipinapahamak siya ng tactless na bibig. At kahit na

madalas siyang makipagtalo sa matanda ay mahal niya ito na tulad sa isang ama.

Mabigat ang kalooban ni Denise habang nag-iimpake ng kanyang mga damit. Ayaw niyang umalis sa kanyang bahay kahit pa sabihing tatlong buwan lang siyang mawawala roon. Mula nang magkaisip ay iyon na ang nagisnan niyang tahanan.

“Denise, ngayon na ba ang alis mo papuntang Los Baños?”

“Oo, Gigi. Bahala na muna kayo ni Cristy dito sa bahay, ha?” bilin niya.

Sina Gigi at Cristy ay mga boarders ng dalaga. Si Gigi ay nurse sa pinapasukan niyang *Orthopedic Hospital* samantalang si Cristy ay medical technologist sa polyclinic na malapit sa kanila. Ang dalawang ito lang ang maituturing niyang kasambahay.

“Siguro bongga ang susuwelduhin mo roon, ano?” anang kaibigan.

“Kahit naman maliit o malaki ang suwelduhin ko, ayaw ko pa rin ng stay-in. Hindi lang ako makatanggi kay Dr. Quines. Pero in-assure naman niya na safe ako roon,” pahayag niya.

“Aba, dapat lang! Baka mamaya maulit na naman ang pangyayari doon sa una mong therapy. Pero sa get-up mo ngayon, imposible na sigurong maulit pa ’yon.”

“Sana nga, Gigi. Bago ko makalimutan, ipakikiusap ko sana sa inyo ni Cristy na kayo na ang mangolekta ng renta ng mga boarders diyan sa likod, pati na rin ang pagbabayad ng bills natin dito sa bahay.”

“No problem. At huwag kang mag-alala, igu-goodtime naming dalawa ang lahat ng masingil namin sa mga boarders mo,” nagtatawa nitong saad.

“Loka-loka! Subukan n’yo lang at nang na-headline kayo sa lahat ng news sa diyaryo at TV.”

Maluwang ang solar na kinatitirikan ng kanyang minanang bahay at napatayuan na niya ang likuran nito ng apat na pintong paupahan. Ngayon nga ay malapit na niyang mabayad sa bangko ang kabuuan ng inutang niya para sa pagpapagawa niyon.

Mula sa veranda na kaugnay ng kanyang silid ay nakapanunghay si Denise sa mahabang swimming pool sa ibaba. Subalit wala roon ang focus ng kanyang isip. Hindi niya maiwasang maging apprehensive sa binanggit kanina ng mayordomong si Tata Ponso.

Kaaalis lang daw ng governess ng bata noong isang araw. Ito ang pinakahuling umokupa sa silid na in-assign sa kanya ngayon. Hindi rin daw ito nakasundo ng pasyente. Ngayon pa lang ay nakakaramdam na siya ng bahagyang kalungkutan.

Bumalik siyang muli sa loob ng silid upang doon na lang hintayin ang susundong utusan na magdadala sa kanya sa komedor. Inaayos niya ang sarili sa harap ng salamin ng dressing table nang mapuna ang pintong nag-uugnay sa kanyang silid at ng sa bata. Hindi na nag-isip pa, tinungo niya iyon at binuksan nang bahagya.

Isang batang lalaki na tantya niya ay mga anim na taong gulang ang kanyang nakita sa loob ng silid. Nakaupo ito sa isang wheelchair, paharap sa isang mababang mesa na may iba't ibang miniature toys.

Kumatok siya sa adjacent door para ipaalam dito ang kanyang presence. Napalingon sa kanya ang bata.

“Hi, puwede ba akong tumuloy?”

Halos walang nabago sa reaksyon nito nang makita siya; ibinaling nitong muli ang atensyon sa ginagawa. Atubili tuloy siya kung papasok sa silid o hahayaan na lang ito sa pag-iisa.

Sa huli ay nagpasya siyang lapitan ito. “Ako

si Denise, ang magiging physical therapist mo.” Nagpatuloy siya nang hindi ito umimik. “You must be Tommy.”

Tiningnan muna siya nito bago sumagot. “Yeah.”

May kumatok at pagkatapos ay bumukas ang pinto ng silid. Iniluwa niyon ang mayordomo. “Nagkita na pala kayong dalawa. Nagkakilala na ba kayo?” tanong nito.

“Oho, Tata Ponso.”

“Halikayo at handa na ang tanghalian.” Ipinuwesto nito ang sarili sa likuran ng bata at marahang itinulak ang wheelchair palabas ng silid.

Nagtaka si Denise dahil sa halip na bumaba sila ng hagdan ay pumasok pang lalo sa hall ng palapag na iyon. Pagdating sa dulo niyon ay nagulat siya sa nakita. May elevator pala roon. Noon lang siya nakakita ng ganoon sa loob ng isang bahay.

Marahil ay bumakas sa kanyang anyo ang pagtataka kaya nagpaliwanag ang mayordomo. “Matapos maaksidente si Tommy ay ipinagawa na ito ni Andrei.”

Nabusog nang husto si Denise. Paano naman ay panay ang bigay sa kanya ni Tata Ponso ng pagkain.

Sigurado raw na ginutom siya sa layo ng kanyang biniyahe.

Ngunit napuna niyang hindi nakakain si Tommy. Kahit na anong pamimilit ng kusinerang si Nana Rosing ay ayaw na nitong dagdagan pa ang kinain. Bakas ang lungkot sa mga mata nito—lungkot na mas gugustuhin pa nitong sarilinin kaysa magsalita. Hinaplos ng awa ang puso niya para rito at nabuo sa sariling gagawin ang makakaya para tulungan itong maging tulad sa isang normal na bata.

Katulad nang unang pumasok sa silid ng bata si Denise, wala pa rin siyang makapang reaksyon sa mukha nito ngayon.

“Gusto mo bang ipasyal ako? Wala pa akong nalilibot sa bahay ninyo at gusto kong makarating sa swimming pool,” masiglang sabi niya.

Umaliwalas ang mukha ni Tommy at inilapit pa sa kanya ang wheelchair. “Tara.”

“Teka muna, di ba motorized ang wheelchair mo?”

“Oo.”

“Paaandarin natin ang motor niyan at bababa

tayo nang hindi na kita itutulak pa. Nasubok mo na ba ang ganoon?” tanong niya.

“Hindi pa pero sige subukan natin.” Halata ang excitement sa tinig nito nang sumagot.

Maayos naman silang nakababa. Nanatiling nakaalalay lamang ang dalaga kay Tommy at pagdating sa malapit sa pool ay hinamon siya nito ng habulan. Naghabulan nga sila sa paligid ng swimming pool at sa unang pagkakataon ay nakita niya itong tumawa. Humahalakhak pa nga ito kapag naabutan siya.

Makaraan ang tatlong ikot ay pinigilan na niya ang wheelchair nito at pinatay ang switch ng motor niyon.

“Not so fast, young man. Hihikain ako sa iyo.” Abut-abot ang hingal ni Denise habang nagsasalita. “Halika muna, hihingi tayo ng merienda kay Nana Rosing. Alam kong gutom ka na dahil hindi ka naman nakakain kanina.”

Kinagabihan, nagsusuklay ng buhok si Denise sa harap ng dresser nang biglang bumukas ang common door ng mga kuwarto nila ni Tommy. Sumungaw mula roon ang mukha ng bata.

“O, bakit hindi ka pa natutulog?” nakangiting tanong niya.

“I couldn’t sleep,” sagot nito na parang nagmamakaawa.

Pinagulong nito ang wheelchair sa tabi niya at pinagmasdan siyang mabuti. Hinawakan naman niya ang kamay ng bata at hinaplos ng kanyang kabilang kamay ang mukha nito. Hindi niya inakala na sa maikling panahon lamang ay mabubuwag niya ang pader na itinayo ng sumpunging bata sa pagitan nito at ng ibang tao.

“Can I sleep here?” tanong nito.

“Sure. Kung gusto mo, kukuwentuhan pa kita bago ka matulog.”

Umaliwalas ang mukha nito. “Talaga? Sige, si Mommy nga’y kinukuwentuhan din niya ako noon bago matulog, eh. Halika, kumuha tayo ng storybook sa room ko.” Hatak pa nito ang kamay niya habang papasok sa sariling silid.

Nang sumunod na gabi ay gusto na naman ni Tommy na doon matulog sa silid ni Denise.

“Now, Tommy, this is not healthy anymore. Lumalaki ka na’t kailangang masanay kang matulog

nang mag-isa,” payo niya.

“Eh, bakit si Mommy noon, sinasamahan akong matulog.” Lumabi pa ito.

“Kapag gumigising ka ba, katabi mo pa rin siya?”

“Hindi na.”

“Kita mo na. Pinatutulog ka lang niya pero hindi mo siya katabi buong magdamag. Tell you what, babasahan na lang kita ng story sa room mo until you fall sleep at bukas ng umaga, we’ll go swimming.”

Lumungkot ang anyo nito. “But I can’t swim anymore.”

“Alam ko pero matutulungan kitang mag-float sa tubig kahit hindi mo pa kayang ikampay ang iyong mga paa.”

“Totoo?” Bumalik ang sigla nito kahit na medyo may pagdududa sa anyo.

Dala ng kasabikang makapaligong muli sa swimming pool ay hindi kaagad makatulog si Tommy. Nakatatlong kuwento na si Denise bago pa ito pumikit. At dahil antok na siya ay hindi na niya nakuha pang bumalik sa sariling silid. Saglit pa ay himbing na rin siya kaya hindi na namalayan ang pagpasok ng isang anino sa silid na iyon.

2

Mag-a-alas diez na ng gabi nang sapitin ni Andrei Villa ang kanyang bahay sa Los Baños. Bukod sa security guard ay si Tata Ponso na lang ang gising dahil itinawag niya rito kanina ang kanyang pag-uwi. Ipinaghain siya nito at nang makakain ay nagtuloy kaagad siya sa silid ng anak.

Nagulat siya nang makitang hindi ito nag-iisa roon. Mahimbing itong natutulog kasama ng isang napakagandang babae. Nakasiksik ang bata sa dibdib ng katabi at ang isang kamay ay nakayakap pa sa baywang nito.

Nasundot ang kanyang pagiging ama sa nakita. Naging abala siyang masyado sa paghahanap ng paraan kung paano magamot ang sariling sugat, nakalimutan niyang sa murang gulang ng anak ay malaki pa ang pangangailangan nito sa pagkalinga ng isang magulang. At kahit sa ibang tao ay kinukuha ito ni Tommy.

Lumapit siya sa kama at marahang hinagkan ang noo ng anak. Saglit pa niyang pinagmasdan ang dalawang natutulog at napansin niya ang maamong mukha ng babae. Marahil ay ito na ang

ipinadalang therapist ng hospital. Hindi niya alam pero pakiramdam niya ay nagkita na sila nito.

Nagising si Andrei sa halakhak ng anak. Nananaginip ba siya? Kay tagal na niyang hindi naririnig ang malulutong na tawa nito.

Tiningnan niya ang table clock; alas seis pa lang ng umaga. Siguro nga ay nananaginip lang siya, naisip niya. Hindi naman nagigising nang ganoon kaaga si Tommy.

Bumangon na siya. Hustong pagtayo niya ay narinig na naman ang halakhak ng bata. So it was not a dream, after all. Lumabas siya patungo sa veranda at nakita niya ang anak na nasa pool kasama ng babae.

Dali-dali siyang nagbihis at nanaog. Dumerecho kaagad siya sa pool ngunit wala na roon ang dalawa pagdating niya. Bumalik siya sa kabahayan at tiyempong nakasalubong si Nana Rosing.

“Nana Rosing, alam ho ba ninyo kung nasaan si Tommy?”

“Aba, eh, nasa hardin sila, Andrei, at nag-aalmusal na. Kahahatid ko nga lang ng pagkain sa

kanila. Sasabayan mo na ba sila sa agahan?”

Hindi niya sinagot ang matanda at sa halip ay tuluy-tuloy siyang lumabas sa French door patungo sa hardin. Nakaupo sa breakfast table ang dalawa na pareho pang nakaroba. Napansin kaagad ng bata ang paglapit niya.

“Daddy!” Punumpuno ng sigla ang tinig nito.

Hindi niya magawang ilabas ang nadaramang galit matapos makita ang katuwaan ng anak. Ayaw niyang sirain ang magandang mood nito.

Napalingon sa kanya ang babae. Saglit na nagtama ang kanilang mga mata. Bahagya lang ang pagkakangiti nito ngunit higit itong maganda sa liwanag kaysa nang nakaraang gabi habang pinagmamasdan niyang nahihimbing. Wala ito kahit na anong bahid ng makeup pero refreshing ang mukha nito.

“Good morning ho, Sir. I’m Denise del Cielo, ang therapist na ipinadala ng hospital,” anito, sabay tayo.

Matangkad ang babae, puna ni Andrei. Marahil ay mga 5’8” ang taas nito at sa suot nitong oversized robe, tantya niya ay malaki rin ang katawan nito.

Hindi niya tinugon ang pagbati nito at sa halip

ay iba ang sinabi. “I’d like to talk to you as soon as you finish breakfast. Hihintayin kita sa study room.”

“Yes, Sir,” nasabi na lang ng dalaga.

“Pero, Dad, hindi ka po ba sasabay na mag-breakfast sa amin?” Halata ang disappointment sa mukha ni Tommy.

“Next time na lang, Son,” sabi niya at tumalikod na.

Pagpasok pa lamang ni Denise sa study room ay alam na niyang galit si Andrei. Gayunpaman ay sinikap niyang ihanda ang sarili sa anumang sasabihin nito.

“Sino ang may sabi sa iyong maaaring maligo ang anak ko sa swimming pool?” Banayad ngunit halata ang pagtitimpi sa tinig nito.

Handa man ay nagulat pa rin siya sa bungad nito. “No one did. Since pag-aari n’yo naman ang swimming pool, bakit hindi siya pupuwedeng maligo roon?” malumanay niyang sagot.

“Hindi mo ba nare-realize, Miss del Cielo, na hindi naman nakalalangoy ang anak ko at sa kalagayan niya ngayon, lalo mo lang siyang inilalapit

sa disgrasya? Goodness! Hindi mo man lang ba naisip na sa kaunting pagkakamali lang ay maaaring malunod ang anak ko?”

Gusto niyang matawa sa absurdity ng sinasabi nito. At nararamdaman niyang nagsisimula nang kumulo ang kanyang dugo sa inis. “Mr. Villa, don’t you think you are being unreasonable... I mean, being too worried over something na hindi naman ganoon kadelikado? I assure you na nakaalalay ako sa kanya. At sa laki kong ito ay napakaliit pa lang naman ni Tommy para hindi ko makayang protektahan siya. For your information, I’m a very competent swimmer.”

Lalong naningkit ang mga mata nito sa isinagot niya. “Miss del Cielo, I hired you para tulungang gumaling ang kapansanan ng anak ko. May I remind you na therapist ka niya and that you are not here on a holiday,” matigas na pahayag nito.

Sa pagkakataong iyon ay biglang naalala ni Denise kung saan niya unang nakita ang aroganteng amo. Kanina pa niya pinag-iisipan iyon matapos nitong talikuran ang pag-aalmusal nila ng bata. Ito ang taong nakabunggo niya sa hospital!

“Sabi n’yo nga ay therapist ako. Kaya alam ko ang potential na tulong ng tubig ng hot spring sa pool para sa maayos na sirkulasyon ng dugo sa mga binti

ni Tommy. It's a shame na mayroon kayong ganoong facility sa bahay na ito pero hindi napakinabangan ng bata sa loob ng siyam na buwan. Ngayon sana'y naigagalaw na ni Tommy ang kanyang mga binti."

Marami pa sana siyang idudugtong pero sumagi sa kanyang isip ang huling pag-uusap nila ni Dr. Quines kaya nilulon na lang muna niya ang mga iyon.

Nang makitang nakatitig na lamang sa kanya nang matalim ang lalaki ay nagpaalam na siya rito. Hindi niya maunawaan pero parang bigla siyang naasiwa sa pagkakatingin nito.

Nasa pinto na si Denise nang muli siyang tawagin ni Andrei.

"Maaari n'yo pa ring gamitin ng anak ko ang pool basta't nakabantay sa inyo si Tata Ponso, ang driver o ang hardinerong si Hector."

Pormal siyang nagpasalamat dito bago tuluyang lumabas ng silid. Naisip niyang dapat siguro ay alamin muna niya ang mga gawi at ayaw ng bagong amo para maiwasan ang mga pagbabangga nila. Hindi maganda sa parte niya ang ganoong sitwasyon. At sa puntong iyon ay malaki ang maitutulong sa kanya ni Tata Ponso.

Kasalukuyang iniimbentaryo ni Tata Ponso ang mga stocks sa cupboards ng kusina nang makita ito ni Denise.

“O, Hija, nakapag-adjust ka na ba rito sa bago mong tirahan?” nakangiting bati nito.

Ngiti lang ang itinugon niya sa tanong nito. “Tata Ponso, talaga ho bang mainitin ang ulo ni Mr. Villa?”

Napalis ang pagkakangiti nito pagkarinig sa mga katagang iyon. “Bakit, Denise? Inaway ka ba niya?”

“Nagtalo lang ho kami tungkol sa paliligo ni Tommy sa pool kanina,” tugon niya.

“Alam mo kasi’y sa swimming pool na iyan namatay ang ama ni Andrei. Inatake ito sa puso at nang mabuwal ay nabagok ang ulo ng matanda na siya nitong ikinamatay. Kung araw siguro nangyari iyon ay may isa man lang sa aming makakakita at masasaklolohan pa ito. Kaya lang ay gabi iyon nangyari kaya bangkay na ito nang matagpuan namin kinaumagahan.”

Kaya naman pala gayon na lang ang pag-aalala ni Andrei nang malamang naligo ang anak sa pool na iyon, naisip niya.

“Mabait naman si Andrei, Hija. Paslit pa lamang

iyang ay naninilbihan na ako sa tahananang ito kaya nasubaybayan ko ang kanyang paglaki sa isang mapagmahal at responsableng tao. Kaya nga lang, nang mamatay ang asawa niyang si Maya, kasabay ng aksidenteng ipinagkaganyan ni Tommy ay naging maiinitin na ang ulo niya. Pero gayunpaman, nakikita ko naman na pinipilit niyang maging reasonable sa lahat ng bagay.”

Nagpatuloy sa pagkukuwento si Tata Ponso. “Ang totoo kasi’y mabigat ang nakaatang na responsibilidad sa balikat ng batang iyang. Presidente siya ng dalawang malalaking kompanya. Minana niya ang *Las Villas Realty* sa kanyang ama samantalang itinayo naman niya ang *Las Villas Construction Company* noong nabubuhay pa ito. ”Tapos ay nangyari pa nga ang trahedyang iyon sa kanyang pamilya. Dagdagan mo na lamang ang pasensya at pang-unawa mo sa kanya, Denise,” payo nito.

“Hayaan ho ninyo at pipilitin kong gawin ang mga sinabi ninyo, Tata Ponso. Kahit na alang-alang na lang kay Tommy,” malumanay na pahayag niya.

Nakakaunawang ngumiti sa kanya ang mayordomo.

You Made Me Live Again - Cynthia Herrera

Umaga. Sa silid ni Denise, matapos siyang magbihis ay hindi niya maiwasang mapadako ang mga mata sa mag-ama na nagkakatukaan sa pool. Bago pa man siya maligo ay naulinigan na niya roon ang dalawa. Nanghihinayang siya at walang ina at asawa na kokompleto sa kaligayahan ng mga ito.

Lumarawang muli sa isip niya ang kabuuan ng amo. Matangkad ito, marahil ay lampas pa sa anim na talampakan ang taas, katamtaman ang laki ng katawan, mamula-mula ang kutis at ang aroganteng ungos ng ilong at kuwadradong hugis ng mga panga ay lalong nakapagparagdag dito ng sense of authority. Ngunit ang pinaka-prominent sa physical assets nito ay ang pares ng magagandang mata. Kahit hindi pa niya nakikitang ngumiti ang amo ay alam niyang makakapagpakilig ito sa sinumang normal na babaeng tulad niya. Sigurado siya roon dahil ilang beses na niyang nakitang ngumiti at tumawa si Tommy. At nakuha ng bata ang mga mata ng ama.

Malakas ang pakiramdam niya na mag-aasawang muli si Andrei. With his looks and wealth, siguradong maraming magkakandarapang babae para masilo lamang ito.

Nang sumunod pang araw, bago makaalis si

Andrei patungong opisina ay kinausap ito ni Denise. Tinanong niya kung maaari niyang ipasyal ang bata.

“Oo, maaari mo siyang ipasyal basta’t kasama si Hector at ang driver. At huwag ninyong kalilimutang dalhin ang cellular phone kahit saan kayo pumunta.”

“Pero kaya ko namang ipasyal si Tommy nang mag-isa. Marunong akong mag-drive at kaya ko siyang buhatin nang pababa at pasakay ng kotse.”

Biglang dumilim ang anyo nito. “Ngayon pa lang ay pag-aralan mo nang huwag salungatin ang mga pagpapasya ko, Denise. At bakit ba kailangan mo pang ipasyal ang bata in the first place? Baka lalo lamang makapagpahirap sa kalagayan ng anak ko ang gagawin mo.”

Nagsisimula na namang maasar ang dalaga sa amo ngunit sinikap niyang maging mahinahon nang sagutin ito. “Makabubuti kay Tommy kung magsisimula tayong i-treat siya bilang isang batang normal, gawin ang dati niyang ginagawa at makapunta sa dati niyang pinupuntahan. Makadaragdag iyon sa determinasyon niyang makalakad muli.”

Sa sinabi niyang iyon ay hindi nakaimik si Andrei. Mabilis siyang nakapagpaalam dito bago pa man humaba ang nag-uumpisa na naman nilang

You Made Me Live Again - Cynthia Herrera

pagtatalo.

3

Hindi pa man sumisilay ang unang hibla ng araw ay naglulunoy na si Denise sa pool. Gusto niya ang paglalangoy sa ganoong oras na wala pang mga matang maaaring manood sa kanya. Pagkalipas ng magdamag ay maligamgam na lang ang tubig at napakasarap ng dantay nito sa balat.

Nakailang balik na siya sa magkabilang dulo ng pool nang maisipian niyang sumampa sa diving board. Matapos iposisyon ang sarili sa dulo niyon ay pinawalan niya ang katawan sa ere hanggang bumulusok siyang patusok sa tubig.

Perfect. Ito ang nasaksihan ng isang pares ng mga matang nanonood sa bintana—si Andrei. Nang magising siya ay may kung anong humila sa kanya para dungawin ang pool sa ibaba.

Napaka-graceful ng movements ng babae na akmang-akma sa perpektong sukat ng katawan nito. Wala na siyang maisip na sinumang higit na babagay pa sa kinaroroonan nito ngayon.

Ibinaling ng babae ang mukha paharap sa gawi

ng kanyang silid habang pinipiga ng dalawang kamay nito ang mahabang buhok. At noon lamang niya nakilala kung sino ito.

Hindi niya ito maiugnay sa therapist ng anak. May malaking pagkakaiba ang dalawa. Hindi man matabang babae si Denise ay inakala niyang malaki ang katawan nito batay sa mga isinusuot nitong oversized t-shirts at maluluwang na polo at pantalon.

Luminga-linga si Denise na tila nararamdamang may nanonood dito. Nagmadali na itong pumasok sa kabahayan matapos kunin ang roba at tuwalyang nakasampay sa lounge chair.

May nadamang panghihinayang si Andrei. At sa pagbabalik niya sa higaan ay hindi maalis sa kanyang balintataw ang larawan ng babae.

Tanghali na ay hindi pa rin nagiging si Tommy kaya napilitan si Denise na pasukin ito sa silid upang gisingin.

“Wake up, Sleepyhead. Tatanghaliin nang masyado ang therapy mo,” yugyog niya rito.

Nanatili naman itong nakapikit. Alam niyang gising na ang bata at nagtutulug-tulugan na lamang.

“Tommy, I tell you, matutuloy pa rin ang therapy mo kahit na magkunwari ka pang tulog.”

Hindi pa rin ito kumikilos. Hinawakan ni Denise ang dalawang kamay nito at sa pamamagitan ng isa pa niyang kamay ay pinagkikiliti ang bata. Bigla itong tumawa at nagpapasag. Nagawa nitong maalis ang isang kamay sa pagkakahawak niya at gumanti ito ng pangingiliti sa kanya.

Napasukan sila ni Andrei sa ganoong ayos. Napahinto ang dalawa sa paghaharutan.

“Puwede ba akong sumali?” Nangingiti ito sa hitsura nila.

“Daddy! Kailan ka pa dumating?” bati ni Tommy.

“Kagabi pa, Son. At bakit tanghali na’y nasa bed ka pa. Di ba may therapy ka ngayon?”

“Yeah.” Biglang napalis ang ngiti nito sa binanggit ng ama.

“We’ll start at nine, Tommy.” Bumaling si Denise sa lalaki. “Excuse me ho, Sir,” aniya at lumabas na ng silid.

Habang hinihintay si Tommy ay nag-ayos muna siya ng kanyang silid. Bumalik na naman sa isip niya ang paglangoy sa pool kaninang madaling-araw. Ilang

beses na siyang naliligo ng ganoong oras ay kanina lamang niya naramdamang tila may nanonood sa kanya. Wala naman siyang nakitang puwedeng ipaghinala nang i-scan ng kanyang mga mata ang paligid. Siguro ay pakiramdam lang niya iyon, naisip niya.

Hanggang ngayon kasi ay hindi maalis sa kanya ang pagiging suspicious. Hindi naman siya dating ganoon. Nagsimula lang ito dahil sa dalawang pangyayaring hindi niya makakalimutan....

Trece años pa lamang si Denise ay masasabing dalagang-dalaga na ang kanyang pangangatawan. High school freshman siya noon at pinakamatangkad sa kanilang swimming team. Current champion ang kanyang paaralan sa kanilang division kaya puspusan ang kanilang ensayo. Bukod sa weekday practices ay bumabalik pa sila ng weekends sa pool na nasa ground floor ng paaralan.

Nang Sabadong iyon ay wala ang swimming coach nila at sa halip ay ang assistant nito ang nag-ensayo sa kanila.

“Denise, magpaiwan ka muna at may ilang pointers akong idi-discuss sa iyo,” anito nang dini-

dismiss na sila.

“Yes, Coach,” tugon niya, walang kamalay-malay na may masamang mangyayari.

Nang makaalis nang lahat ang mga kasama niya ay nilapitan siya nito at walang sabi-sabing hinawakan nang mahigpit ang kanyang kamay. Halos hilahin siya nito papunta sa silid na pinaglalagyan ng cleaning materials ng school janitor. Hindi siya makasigaw dahil napansin niya ang itinutok nitong letter opener sa kanyang leeg.

Hindi pa nito nahahawakan ang doorknob ng silid ay bumukas na iyon at bumulaga sa kanila ang mukha ng janitor. Sinamantala niya ang pagkagulat ng assistant coach at ubod-lakas itong isinalya pagkatapos ay kumaripas na siya ng takbo.

Habang isinasalaysay niya ang buong pangyayari sa ina ay naroroon pa rin ang kanyang pangangatog sa takot.

Nagsampa ng reklamo ang kanyang ina laban sa assistant coach ngunit hindi na ito nagpakita pa sa paaralang iyon. Umalis na rin siya sa kanilang swimming team at kailanman ay hindi na sumali pa sa anumang swimming competition.

Isa pang pangyayaring nag-iwan ng masakit

You Made Me Live Again - Cynthia Herrera

na alaala kay Denise ay noong una niyang stay-in assignment bilang physical therapist.

Isang mechanical engineer ang kanyang naging pasyente na naaksidente sa loob ng pinagtatrabahuhan nitong planta. May bali na nga ang likod at balik at nito ay nakuha pa siyang pagtangkaan ng masama. Mabuti na lang at marunong na siya noong magkarate at tapos na rin siya sa taekwondo lessons kaya hindi ito nagtagumpay na halayin siya. Sa halip, naragdagan pang lalo ang bali nito sa katawan.

Mula noon ay binago niya ang kanyang dress code bilang camouflage upang makaiwas na siya sa mga ganoong pangyayari. Kung ang ibang babae ay gagawin ang lahat, magkaroon lang ng ganda at katawang gaya ng sa kanya, pakiramdam naman niya ay liability niyang maituturing ang mga katangiang iyon.

Matapos ang therapy session nina Denise at Tommy nang araw na iyon ay hindi umiimik sa kanya ang bata. Sa nakaraang dalawang sessions nila ay sinadya niyang pagaanin ang ini-a-apply niyang pressure dito. Ngunit kailangan na niya ngayong ibigay ang tamang therapy sa pasyente.

“Tommy, talk to me, please,” pagsusumamo niya rito.

Ibinaling lang nito ang ulo palayo sa kanya.

“You should understand na kapag hindi ko ibinigay ang tamang therapy sa iyo ay lalong tatagal ang chances mong makalakad.”

Tinalikuran siya nito at dinala ang wheelchair sa harap ng mesang kinalalagyan ng mumunting laruan. Dumakot ito ng ilan at bigla na lamang ibinato ang mga iyon sa kanya. Dahil hindi inaasahan ay huli na nang siya ay makailag kaya nasapol pa rin siya ng ilan sa mga iyon.

Pinigilan niya ang sariling magalit sa bata. Nauunawaan niya ang desperasyon nito at hindi makakatulong kung sasalubungin pa niya ang black mood nito.

“We will talk later, Tommy.” At iniwan na niya ito.

Kasalukuyang itinatala ni Denise ang progress report ng kanyang ginagawang therapy kay Tommy nang lumapit ito sa kanya. Hinintay niya itong magsalita ngunit nanatili itong walang imik. Itinigil muna niya ang ginagawa at hinarap ito.

“Tommy, gusto mo ba talagang makalakad muli?”

“Yeah.”

“Then you have to understand that pain is part of the whole process. Sayang naman ang mga dinanas mo nang hirap for the last nine months kung ngayon ka pa susuko,” malumanay na sabi niya.

Nabanggit sa kanya ni Tata Ponso na nag-undergo pa ito ng second surgery sa States, dalawang buwan na ang nakakaraan. At ngayon nga ay malaki na ang tsansa na makakalakad itong muli.

“Yeah, I guess,” matabang nitong tugon.

“At tungkol sa ginawa mong pambabato sa akin kanina, Tommy, that wasn’t a nice thing to do. At hindi ko iyon gustong maulit pa.”

Nagbaba naman ng paningin ang bata habang patuloy niya itong pinagsasabihan.